

Tiya Dely: Beterana ng Radyo

Panayam ni Elizabeth L. Enriquez

Bagamat nakabibigít na ang bilang ng mga kababaiyang may telebisyon sa Pilipinas kaysa mga kababaiyang may radyo, radyo pa rin ang bigít na pinakikinggan sa mga kanayunan, lalo na sa mga pook na walang koryente, at maging sa mga kalapít na karagatan.¹ Isang dahilan ang pananatiling simple ng teknolohiya nito na nagbibigay-daan para mapakinggan ang radyo kahit walang elektrisidad at saan man naroroon ang tagapakinig. Maliban dito, abot-kaya ng karamihan ang halaga ng radyo. Ngunit hindi ito nangangahulugang walang epekto sa radyo ang mga bagong teknolohiya. Sa katunayan, nababago ang kalakaran sa radyo turwing may bagong midyum o teknolohiyang pangkomunikasyon.

Isa ito sa mga ipinaliliwanag ni Tiya Dely, tanyag na anawanser sa radyo, sa panayam sa kaniya ng Plaridel noong ika-2 ng Oktubre 2004 sa himpilan ng DZRH. Mahigit 65 taon nang anawanser si Tiya Dely – Fidela Magpayo sa tunay na buhay – sa radyo. Masasabing sa labat ng mga manggagawa sa industriya ng midya sa Pilipinas, lalo na sa radyo, siya ang may pinakamayamang karanasan dahil sa tagal nang ipinamalagi niya sa propesyon. Panabon pa ng Amerikano, nang magsimula ang radyo sa Pilipinas, ay nasa radyo na siya. Noong panahon ng Hapon, isa siya sa ilang Pilipino na nagtiyagang magtrabaho sa radyo. Nang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagpatuloy siya sa pagsasahimpapawid, at hanggang sa kasalukuyan, napapakinggan si Tiya Dely ng kaniyang libo-libo, marahil milyon-milyon, na tagabanga. Ngayon, siya ang kinikeilalang pinakamatagal at pinakamatatag na beterana sa radyo sa Pilipinas.

*Umanina ng manaming parangal si Tiya Dely bilang anawanser. Kabilang dito ang prestihiyosong KBP Golden Dove Lifetime Achievement Award noong 2002. Siya ang kauna-unahang nagawaran ng parangal na ito, at maliban sa yumaong Frankie Evangelista, beterano rin ng radyo at telebisyon ngunit hindi kasing-tagal ni Tiya Dely sa propesyon, wala pang ibang nagawaran ng parangal na ito. Kinilala rin ng Catholic Mass Media Awards noong 1994 ang programa niyang **Kasaysayan sa mga Libam kay Tiya Dely** bilang Best Counselling Program, at hinirang siyang Best Female Newscaster ng KBP Golden Dove Awards noong taon ding iyon. Noong 1999, ginawaran siyang pamahalaan ng lalarwigan ng Bulacan ng premiyong Dangal ng Lipi. Noong 2000 tumanggap din siya ng pagkilala mula sa pamahalaan ng siyudad ng Maynila, ang Araw ng Maynila Award. Isa rin siya sa mga tinaguriang natatanging Pilipina ng ilang organisasyon, gaya ng kaniyang pinagtapusang mga paaralan, ang Far Eastern University at Araullo High School, at ng pahayagang **Malaya**.*

*Labat ng uri ng programa sa radyo ay nagawa na niya, mula sa mga programang musikal na nagtampok sa kaniya bilang mang-aawit, hanggang sa drama, balita, at talk show. Hindi lamang siya anawanser; nagsusulat din siya ng mga iskríp, nagdidiribe ng drama, at siyang prodyuser ng labat ng kaniyang programa. Sa kasalukuyan ay tatlo ang programa niya sa DZRH: **Ang Inyong Lingkod**, **Tiya Dely**, isang talk show na napapakinggan araw-araw mula Lunes hanggang Sabado, ika-7:30 hanggang ika-8:30 ng gabi; **Serenatang Kumbidahan**, isang programang musikal kasama ang **Mabuhay Singers** na umaawit nang live ng mga awiting Filipino, isang bagay na bihira nang napapakinggan sa radyo ngayon, turwing Sabado, ika-11:15 ng gabi hanggang ika-12:30 ng madaling araw; at ang dulang **Kasaysayan sa Mga Libam kay Tiya Dely**, na 51 taon nang nasa himpapawid, turwing ika-12:30 hanggang ala-una ng hapon, Lunes hanggang Sabado.*

Sa hinaba-haba ng kaniyang karera sa radyo, nasaksihan ni Tiya Dely hindi lamang ang mga pagbabago sa kalakaran sa industriya ng radyo, kundi maging ang mga pagbabago ng mga tagapakinig. Sa panayam na ito ay ipinaliliwanag ni Tiya Dely ang mga pagbabagong ito.

Tanong: Paano nagsimula ang inyong karera sa radyo? Ilang taong gulang kayo noon?

Sagot: Katatapos ko lang ng *high school* – 18 taong gulang ako – kasa-kasama ako ng kapatid ko, si Lulu Magpayo, na mang-aawit sa himpilang KZRM. Sabi ko, siguro masarap itong hanapbuhay na ito. Yun lang. Maya-maya, nakasama na rin ako sa mga programa. Mga 1938 ito. Sa isang programa, may karakter na "Tandang Pajo", ako "Tandang Delay". Ganun ako kabata pero ang papel ko "Tandang Delay". Tapos kinuha ako nina Andy Balun-balunan at Dely Atay-atayan (mga prodyuser ng programa sa radyo) bilang *singer-announcer*.

T: Ganito ba ang karaniwang paraan ng pagpasok sa radyo noon?

S: Oo, yung hilig-hilig lang, napapasama lang. Ang iba naman, dumadaan sa "Amateur Hour" [paligsahan ng pag-awit]. Dalawa ang *amateur hour* noon, yung "Listerine Amateur Hour", na mas sikat kaysa "Glo-co Amateur Hour". Dito sila natutuklasan.

T: Mas sumikat kayo sa kapatid ninyo.

S: E, papano nag-asawa siya, tsaka tinalikuran niya yang pagkanta-kanta sa radyo.

T: Ano ang mga katangiang dapat taglayin para makapasok sa radyo noon?

S: Magaling mag-Ingles. Panahon ng Amerikano noon, e. Sa eskwelahan nga, kapag nahuli kaming nananagalog, may parusa. Sa loob ng campus, Ingles dapat. Sa radyo natuto ang mga tao ng Ingles dahil halos lahat ng programa noon ay Ingles, maski ang mga balita. Nag-uumpisa pa lang ako sa radyo nang maging popular ang Tagalog, mga 1939, bago nagdigmaan, pero kokonti lang naman ang nagprograma sa Tagalog.

Syempre magandang boses. Hindi maaaring hindi magandang boses, hindi katulad ng mga naririnig natin ngayon. Kailangan marunong umawit. Karaniwan noon ang mga programang musikal. Kung hindi ka marunong kumanta, hindi ka pwede sa radyo noon. Lahat ng mga sikat na pangalan, kumanta lahat yan. *Live* ang pag-awit at ang *accompaniment, live*.

T: Hindi ba't ang magandang tinig ang naging daan ng maraming bituin sa radyo upang maging bituin rin sa pelikula?

S: Oo. Sina Sylvia la Torre, Fely Vallejo, sila ang mga umaawit kapag hindi marunong kumanta ang artista. Yung mga artista, nagli-*lip synch*. Habang sinu-*shoot* yung pelikula, sabay na nire-*record* yung boses. Ang *technology* naman noon hindi katulad ngayon, na pwedeng i-*shoot* muna ang pelikula, tapos tsaka ida-*dub* ang boses. Parehas yan sa *recording* sa kanta, walang *minus one* noon. Kinakailangang kasabay yung *orchestra*, kaya kapag nagkamali ka, naku, sira na yung plaka. Kailangan

perpekto, walang mali. Kaya ang ensayo noon terrible, ilang oras, kasama ang banda.

T: Totoo bang dapat na ang taga-radyo ay maganda o makisig?

S: Palagay ko.

T: Hindi naman sila nakikita habang nasa himpapawid.

S: Oo nga, pero nagpe-*personal appearance* ang mga taga-radyo sa iba't ibang lugar dahil gusto ng mga tao makita nang personal ang mga naririnig nila sa radyo. Kailangan mukhang presentable naman. Pwera lang siguro kung komikero ka. Yung mga komedyante noon, hindi nila kailangang maging maganda o makisig.

T: Sinu-sino ang mga tanyag sa radyo noong nagsimula kayo?

S: Mga mang-aawit, sina Priscilla The Kolynos Girl, Ding Yalong, Bimbo Danao, Koko Trinidad, Mystery Singer (Cecil Lloyd), Lina Flor, Carmen Rosales, Atang de la Rama, Mat Castro Sisters - buong pamilya ni Mat Castro yan. Ang piyanista nila noon si Rafael Artigas. Mga anawanser, sina Ira Davis, Baron Unterheisen... Noong araw, basta sumikat ka sa radyo, talagang sikat ka dahil wala pang telebisyon.

T: Kasing-sikat ng mga bituin sa pelikula?

S: Ewan ko lang kung mas sikat sila sa amin. May mga lugar na hindi naaabot ng sine na naaabot ng radyo.

T: Noong pumasok kayo sa radyo, bagong midyum pa ito. Nabawasan ba yung mga mambabasa ng dyaryo at magasin dahil dito?

S: Hindi naman. Naging karagdagan ang radyo. Hindi rin nawala ang *stage show*, at dito nga kami nagpe-*personal appearance*, kasama ng mga sarsuwela.

T: Pakikuwento ang naging karanasan ninyo noong panahon ng Hapon.

S: Isa sa mga istasyon ng radyo ang KZRH nang sumiklab ang digmaan. Yun ang kinuha ng mga Hapon, pinalitan ang pangalan, naging PIAM. Isa lang ang istasyon, panay propaganda. Dalawa kaming mang-aawit dito - ako sa Tagalog, si Nellie Bialovlovsky sa Niponggo. Puro kanta lang naman ang ginawa namin. Lumalabas din kami sa entablado. Ay! Dumami ang mga *stage show* dahil nawala ang mga pelikula. Dalawampu't isang taon ako.

T: May naiwan bang tatak ang PIAM sa inyo?

S: Wala. Nagpalipas lang ako ng panahon habang naggigiyera. Ang me epekto sa akin ay yung natutunan ko dito sa RH.



Magpayo (photo courtesy of Pocholo Gonzales)

T: Ano po iyon?

S: Turo ni Ira Davis – pagkatapos na ito ng giyera – na station manager namin sa RH, bago ako kuning host ng Reyna ng Vicks, "Pagka nag-emcee ka, do not make fun of your contestants, ha. Make people laugh at your expense, not at their expense." Hanggang ngayon dala ko yan. Maski sa mga panayam ng mga kontrobersiyal na mga bisita sa programa, hindi ko sila binabatikos. Ang bisita hindi iniimbita para insultuhin o para ipahiya. Ibang-iba kaysa sa ngayon. At noong araw, may mga salitang hindi ginagamit sa radyo. Halimbawa, "buntis" – bawal iyon. Sinasabi namin, "nagdadalantao".

Noong araw, kailangang preparadong-preparado ka bago umupo sa harap ng mikropono. Isang oras o higit pa bago magsimula ang programa, kailangan nasa himpilan ka na. Ngayon marami akong nakikita na hindi dumarating sa oras. At tsaka meron kaming inihahandang paksa na mapag-uusapan sa himpapawid. Hindi yung uupo ka na lamang doon nang hindi mo alam kung anong sasabihin mo.

T: Lumabas din kayo sa pelikula pagkatapos ng digmaan.

S: Oo, may pangalan na ako sa radyo noon. Ang una kong pelikula ay Dalawang Anino. Basta mabili yung programa sa radyo noon [kaya], isinasapelikula. Kasama ako sa isinapelikulang Hamon sa Kampiyon, Tiya Dely, napelikula yan, yung serye ng mga pelikulang "Sebya" – hindi lang Sebya, Mahal Kita yan, at syempre, tuwing me pelikula ang "Sebya", kasali ako. Tapos napasama ako sa Basabang Ginto na tinampukan ni Alicia Vergel at Hibintayin Kita na tinampukan naman ni Linda Estrella.

T: Nang dumating ang telebisyon, nagkaroon ba ng pagbabago sa radyo at pelikula?

S: Oo, lalo na sa pelikula. Kumonti daw ang mga nanonood ng mga pelikula kaya kinakailangan maging super-production ang mga pelikula noon. Maski sa Hollywood, di ba ganoon din ang nangyari? Pero sa palagay ko hindi naapektuhan ang radyo, dahilan ang radyo, kahit umaakyat ka sa puno ng niyog, naglalaba ka sa ilog, basta may transistor [radyong de-baterya] ka – nauso naman yung transistor – radyo pa rin ang pinakikinggan, lalo na kapag may mga biglaang balita.

May mga programa sa radyo na inilagay sa telebisyon, pero hindi inalis sa radyo – sabay sa himpapawid, gaya ng *Sebya, Mababala Kita*. Ang Sebya si Sylvia la Torre, kasama sina Eddie San Jose, Rosa Aguirre, Pugo. Nandoon din ako. Ako si Barang, kontrapelo ni Pugo.

T: May mga pagbabago ba sa radyo na dala ng pagbabago ng kultura, pulitika...

S: Ang teknolohiya malaki ang idinulot na pagbabago. Ewan ko kung anong epekto ng pulitika tsaka yang kultura.

T: Ano ang epekto ng iba't ibang bagong teknolohiya kagaya ng satellite, cable, computer, internet at cellphone?

S: Malaki ang epekto. Una, noong araw, telepono [*landline*] ang gamit upang magbigay ng reaksyon ang tagapakinig. Ngayon, *computer at cellphone* na, at mabilis. Halimbawa, meron kang kinakapanayam, agad-agad alam mo ang reaksiyon ng tagapakinig dahil papasok sa computer [sa pamamagitan ng *Internet*] o *text* [sa pamamagitan ng *cellphone*]. At mas *outsoken* ang mga tagapakinig ngayon, sumasali talaga sa mga talakayan.

Napapakinggan na sa Internet ang DZRH, kaya may mga tawag [sa pamamagitan rin ng Internet] kami mula sa iba't ibang panig ng daigdig, gaya ng Switzerland, United Kingdom, Macao, Saudi Arabia. Karamihan ng mga tumatawag mga OFW (overseas Filipino worker). Dito sa Pilipinas, *satellite* naman ang dahilan kaya naririnig ang RH mula Batanes hanggang Tawi-Tawi. Dati maski may 100 *kilowatt* ka², pagka may mga bundok, hindi mo maabot ang tagapakinig. Ngayon dahil sa *satellite*³, abot lahat. Kaya kapag sinabi naming *number one station* kami, totoong number one kami sa buong kapuluan. Kung Metro Manila lang, marami kaming kalaban.

Noong araw, ang lalaki ng mga plaka. Ngayon, mga CD [*compact disc*] na. At ang daming himpilan ng radyo ngayon, hindi tulad noong araw na apat lang – KZRM, KZFM, KZRH KZIB⁴. Ngayon, daan-daan, at lahat may tagapakinig, kahit mga maliliit na istasyon.

T: Nagbago rin ba ang mga pormat ng programa?

S: Dahil sa FM stations⁵, na dumami ngayon, dumami rin ang musika na galing sa CD. Pero yung mga programang musikal katulad ng ginagawa namin sa *Serenatang Kumbidahan*, na *live* ang pag-awit ng Mabuhay Singers at musikang Filipino ang tinutugtog namin, bihirang bihira na 'yon. Mga awiting sariling atin, hindi Tagalog lang, ha, lahat ng wikang Filipino, miski Muslim, Igorot, tuwing Sabado ng gabi.

T: May iba pa kayong programa maliban dito?

S: *Ang Inyong Lingkod, Tiya Dely*, Lunes hanggang Sabado, ika-7:30 hanggang ika-8:30 ng gabi, at ang dulang *Kasaysayan sa mga Libam kay Tiya Dely*, na 51 taon na sa himpapawid.

T: *Paano lumago at tumatag ang inyong karera sa midya, lalo na sa radyo, sa gitna ng mga pagbabago sa buong panahon ng inyong pananatili dito?*

S: Siguro suwerte na lang. Dito talaga ako nagkaroon ng pangalan sa RH. Pero noong 1957, lumipat ako sa ABS-CBN, at naroon ako hanggang isara ng *martial law* ang lahat ng istasyon noong 1972. Nang magbukas noong 1986, nandoon uli ako, hanggang 1990. Pagkatapos bumalik ako sa DZRH. Lahat ng klaseng programa nasubukan ko – drama, *talk show*, pati pagbabasa ng balita – kaya nahasa ako nang husto.

Nagsusulat din ako ng dula, marunong din akong magdirihe, na mas madali kaysa magsulat ng iskrip, at ako ang prodyuser ng lahat ng programa ko. Animnapu't limang taon na ako sa radyo.

T: *Ano ang itinuturing ninyong pinakamahalagang ambag ninyo sa radyo sa Pilipinas?*

S: Ang wastong paggamit ng wikang Pilipino, na natutuhan ko kay Lope K. Santos.

Mga Tala

¹ Ayon sa *2004 Media Factbook* ng Association of Accredited Advertising Agencies of the Philippines, 82% ng mga sambahayang Pilipino ang may radyo at 85% naman ang may telebisyon.

² Tinutukoy ang *terrestrial transmitter* na naghahatid ng tunog sa pamamagitan ng pagtulay ng tinatawag na *airwaves* o *electromagnetic waves* sa lupa at tubig.

³ Transmitter na nasa papawirin at umiinog sa daigdig.

⁴ Tinutukoy ang ilang taon pagkatapos ng digmaan.

⁵ Mga himpilang nasa FM *band* na naghahatid ng higit na malinaw na tunog.

Sanggunian

2004 Media Factbook, Association of Accredited Advertising Agencies of the Philippines.

*Elizabeth L. Enriquez is an assistant professor at the Department of Broadcast Communication and chair of the Department of Graduate Studies of the College of Mass Communication, University of the Philippines in Diliman. Before joining the academe, she spent 17 years in the radio and television industry. She recently authored a monograph about the history of radio titled *Radyo: An essay on Philippine radio*. Prof. Enriquez finished her degrees in A.B. Journalism and M.A. Communication at UP Diliman.*